# Uyayi ng Mga Patay na Buwan

## Prometeo

At ngayon pa lang, ang biyaya na ng apoy: pulang
kukong kumakalmot sa papawirin, mistulang
propetang naghahasik ng isang ebanghelyo ng
liwanag. O, marahil,

anitong dumaratal, lumuluhod, muling nagpupuslit ng
biyaya ng init na ikinakaloob sa mga katawang
tadhana ang maging abo. Ngayon pa lang, namamahay
na

ang apoy sa lahat ng sulok ng mundo, sa mga
gubat na walang-katapusang nasusunog, sa
naglalatang na balat ng mga isdang
natutupok kahit sa tubig,

sa mga musmos na hayop na nag-abo sa mismong
katawan ng kanilang mga ina. Nagbabago na ang
kulay ng langit: mapupulang hapong iniaalay sa mga
altar ng lupain.

Ito ay mabuti. Itong pagkalat ng biyaya, itong
pagtungkab ng liwanag sa dila ng kidlat at sa
titig ng araw.
Muli't muli, natututuhan ng ating mga katawan

ang wika ng mga diyos. Ang pagbubuhos ng
unang tagay sa lupa, ang pagsilab sa palay at
uhay, sa laman at buto, sa laman ng ating mga
kaaway

sa kanilang mga lungsod at sakahan upang magtaboy
ng sakuna at diwara. Ang kasaysayan natin ay
kasaysayan ng lagablab kung paanong umuulan ng
ginhawa

sa bawat bagay nating tinutupok. Ikaingin ang
tiwangwang na lupa: sisibol ang malulusog na tanim
pasuin ang wakawak na sugat, hahaba ang taning

ng buhay. Sindihan ang taba ng balyena, at mapaparam
ang pusikit na dilim; pagsigain ang mga bangkay ng
mga dambuhalang binungkal sa pusod ng dagat

at makalululan tayo sa hangin. Tayong mga
tinutubuan ng pakpak tuwing may kabundukang
mag-aabo, anong lihim kaya ng uniberso ang
mabubunyag

kung maghahain ng isang buong mundo sa
dambana ng Tao? Kung isang daigdig ang
gawing bituing nagbabaga anong katotohanan
pa ang ating makikita?

Huwag kang mag-alala.
Tayong inabután ng liyab at hindi napuksa ay
marahan nang humihiga sa altar. Nasusunog na
ang alay.

Ang matandang mundo, nag-aaso. At tayo,
mararahan nang lumulutang sa ibayo ng
buwan, nagiging mga anito.

# Hinggil sa Pagkatuklas ng Buhay sa Ibang Planeta

*alinsunod kay Matthew Olzmann*

Hindi naman talaga pagkamuhi ang tiyak na nagtutulak sa atin, mas silakbo ng kutob na dapat iligtas ang sarili. Sa lumang mundo, nangungusap ng sigalot ang mga kibál na narra— mga tsinelas, sandalyas, matitigas na bótang nagbabaysak sa buláos mulang ilog o latian, kundiman palayang pinagtamnan ng mga bomba— sinasapit ng pahingalay sa makakapal nitong ugat. Minsan, maging ang mga basag na bayugo ng makatang paurong na inilakad ang mga tuhod, habang nag-uusal ng salin ng *Litanya Laban sa Pangamba.*

Sino nga ba ang hindi makasisilip ng alindog sa buwan, balahak at kinang, dumadaloy sa pagitan ng mga kukób na daliri ng mga duklay? Ipinulak din paglaon ang punongkahoy, naging gitara sa kamay ng nabuburyong na sundalo, o marahil ay sulo sa kamao ng mga rebelde, o kung hindi ay tungkod ng nakayapak na monghe, at ang patpat sa kagat ng alagang aso ng nagdaraang turista.

Hindi nga, hindi muhi kundi pangangailangan, ang pag-asam na iadya ang sariling laman sa pagdurusa, wala kundi ang malalim na pagkahayok ng katawan na matubos—dinamita sa gasang, dukót na inakay ng kalaw, Ahenteng Kahel na iniunos sa mga bukirin mga gubat mga sapa. Makinig: ang huling gadyâ ay pinatay sa tisikong kapatagan upang durugin

ang mga pangil na garing bilang lunas sa tumutubong tumor
sa gulugod ng anak ng pangulo ng Tsina.

Hindi kalawang ang hangin, hindi nagsaasupre ang mga ilog, hindi tayo naninirahan sa makikitid na bula ng kahinga-hingang hangin sa buntalang dinayo sapagkat nasuklam tayo sa daigdig. Nang matuklasan nila ang mga hayop na sumunlad sa ilalim ng yelong talukab ng Europa, malapugita, pawang palikpik at alumpihít na galamay, at may mahahabang sungay na malagaring ay pinalakaya natin sila. Una, sa ngalan ng agham. Pagkatapos, sinimot ng mga lambat ang pusikit na karagatan sapagkat ang durog nilang mga sungay at ang pinagulang nilang katad ay mabisa umanong gamot sa namamagang kalansay.

Ang suliranin, lagi, ay ang laman, ang banta ng huling hininga, ang labahang nakakarit sa lalamunan, tulad nitong mga sundalo na umaahon sa mapuputing hagdanan, nakatutok sa atin ang mahahabang riple. Kapag tinadtad nila tayo at ang mga hawak nating karatula ng pagtutol sa paulit-ulit na pagkalipol ng mga hayop ng mga buháy na punglo, ni walang suklam, ni walang poot sa kanilang mga mata, ang takot lang na bumubulong-bulong sa tainga na baka mapuksa rin sila at kung gayon, sige, kayo na lang, mabuti pa.

## Malintala Bilang Pilipino sa Kaanginan ng Planetang Mebuyan-400D

Sa ganitong tayog, ipagkakamali kong ang dagat na binubulusukan nitong sasakyang pandungka ay ang mismo ring dagat na minsang pinagtampisawan naming magkakaibigan noong nasa ikaapat na baytang at magkakasabay kaming nangangarap na makapagapipiloto ng Gundam sa kalawakan bago magdalawampu't isang taong gulang, habang dahan-dahang kumukupas sa langit ang liwanag. Kakatwang pananabik sa hindi na maibabalik. Alam kong ganitong walang-balikang lumbay ang papawiring laon nang tinawid ng eroplanong minsang sinakyan paglisan sa kinagisnang bayan upang mag-aral ng sugnayan sa ibang lupalop, at ngayon, ng dignayan sa ibang buntala, sa layong isandaang taon ng liwanag.  Laging nawawala sa ganitong paglayo ang inakalang uuwian, kasintiyak ng haltak ng mundobalani ang palaging paggapang ng baging, ang haplos ng amag, ang kalawang sa mga tahilan at haligi, at ang lagi ring pagkabutas ng bintanang gawa sa kapis. Paano lilingon sa tahanang nilulon na ng mga alon? Ang mga lungsod na pinaluhod ng laot, ang mga dalampasigang ginulungan ng pagtaog. Taglay ko ang lahat ng ito, tila mga butil ng buhanging dumirikit sa mga singit ng katawan pagkaahon at hindi mahugas-hugasan, ang lahat ng alaalang hindi na muling masasalat, at sa ganitong iglap, tila ako muling lumulubog sa karagatan ng pag-iisa. Minsan, pinatutugtog ko ang huling video na itinawag sa akin ng aking mga magulang, noon pa ipinadala, bago pa nabiyak ang lupalop na pinag-imbulugan, at lahat kami'y kinakatihan pa ng galak sa kumpas ng iisang buwan,

at kakapusin pa rin ako ng hangin, sa kabila ng lawak, ng laon, ng 100% oxihenang paikut-ikot sa loob nitong sikpaw, at may mga munting bula ng tubig-alat na umaapaw sa mumunti kong silid. Kapag nangangati ang talampakan na muling makasandal sa lupa, iniisip ko, marahil, hindi ako dapat kailanman umalis sa halip ay yumuko na lang noon sa pampang at pinikitan ang langit. Matatawaran ba ang oras na bumabagal sa paligid ng matitimbang na bagay, mga itim na hukay, mga minamahal sa buhay, subalit paano pa ba maaabot ang mga bituin kundi sa

ganitong pasiyang iwanan ang sinilangang lupain? Nakatakdang maagnas ang lahat ng nililisan, at tayong mga umaalis ay palaging mistulang hindi gumugulang kahit nagigiba na ang lahat ng iniwanan, bahay man, kapuluan, ang buong mundo. Hinihigit na ako ng isang bagong planeta. Nakakapit sa mga upuan nila ang mga kamalintala ko. Sa ilang iglap, sasalpok kami sa esmeraldang dagat. Mamaya, lulusong naman sa mga along dalisay, habang may dalawang araw na lumulubog sa abot-tanaw. Limang buwan ang maaaninag sa pumupusyaw na papawirin. Sa bibig, ang alonsina na lalo pang maalat kaysa sa iniwang bayan, tangrib nang pinaglubugan ng tabi-tabing kalansay ng lahat ng aking minahal.